


Programa ng Tulong sa Pananalapi para sa Karahasan sa Pamilya at Tahanan



Ang Programa ng Tulong sa Pananalapi ng Australian Red Cross para sa Karahasan sa Pamilya at Tahanan (FDV – Family and Domestic Violence) ay bukas para sa mga indibidwal na naghahanap ng suporta at mga pagsangguni sa ng isang tagapagbigay ng serbisyo (service provider).

Ang programa ay makukuha ng lahat ng tao na may hawak na pansamantalang mga visa, o walang katiyakan ang katayuan ng visa, nakakaranas ng karahasan sa pamilya at tahanan, na nangangailangan ng suporta sa pananalapi.

Masusuportahan ba ako ng programa?

Maaaring suportahan ng programa ang mga tao na:

- **hindi** mga mamamayan ng Australya o Permanenteng Residente, at
- nakakaranas o nasa peligro ng karahasan sa pamilya at tahanan, at
- nakakaranas ng kahirapan sa pananalapi.

Upang matulungan kaming magbigay ng kabayaran, hihilingin sa iyo na magbigay ng:

Maaaring isama sa suportang inaalok ang:

- tulong sa pananalapi
- mga pagsangguni sa iba pang mga organisasyon
- suporta sa casework (hanggang sa 3 buwan)

Para que podamos hacerte un pago, tendrás que entregarnos:

- **Katayuan ng visa** tulad ng numero ng iyong pasaporte o numero ng ImmiCard. Kung hindi ka sigurado o kasalukuyang wala kang visa, magagawa mo pa ring mag-aplay, at tatawagan ka ng Red Cross upang talakayin ang iyong kalagayan.
- **Mga dokumento sa bangko** tulad ng pahayag ng bangko (bank statement). Kung wala kang

bank account sa iyong pangalan na maa-access mo nang ligtas, maaari ka pa ring mag-aplay.

Ligtas ba ang aking personal na impormasyon?

- Hindi ibinabahagi ng Red Cross ang iyong impormasyong personal o impormasyon sa visa sa pamahalaan. Kumpidensyal ang iyong gagawing pakikipag-ugnay sa Red Cross. Pinapanatili naming ligtas sa lahat ng oras ang impormasyong ilalagay mo sa iyong aplikasyon.
- Mangyaring huwag magpadala sa email ng anumang mga dokumento na may personal na impormasyon mo.

Kailangan ko ng tulong sa pag-aplay

- Kung kailangan mo ng isang interpreter upang matulungan kang makipag-ugnay sa TIS sa 131 450, sabihin ang iyong piniling wika at hilingin na maiugnay sa Red Cross sa 1800 733 276.
- Kung kailangan mo ng tulong sa aplikasyon at walang sinumang makakatulong sa iyo, makipag-ugnay sa Red Cross sa 1800 733 276, o mag-email sa nat_fdv_pilot@redcross.org.au.

Para sa karagdagang impormasyon pumunta sa www.redcross.org.au/familyviolencerelief